REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-223

KAPASIYAHAN NA NAGTATALAGA SA BUWAN NG OKTUBRE NA "BUWAN NG EKOLOHIYA".

* * * * * * * * * * * * * ** * * * * * * * ** * * * * ** * * *

SAPAGKAT, ang kahalagahan ng ekolohiya ay hindi nalilingid sa ating lahat;

SAPAGKAT, ang pangangalaga ng kapaligiran ay dapat isina-sa-puso at isinasa-isip ng bawat isa;

SAPAGKAT, bilang pagbibigay halaga sa ating kapaligiran ang Sangguniang Bayan ay nagpasa ng isang Kapasiyahan Bilang 91-208 na inatasan na ang anumang gusali na itatayo sa Bayan ng Muntinlupa na maglaan ng lagay na lupa para sa mga halaman at puno;

SAPAGKAT, ang buwan ng Oktubre ay katamtaman ang klima o panahon para sa mga gawaing pang-ekolohiya;

SAPAGKAT, kailangang imulat ang mga kabataan sa naturang kahalagahan ng ekolohiya;

SAPAGKAT, sa naturang buwan ay makakapiling natin ang mga mag-aaral ng buong Muntinlupa na maaaring makiisa sa nasabing mga gawain na walang ikababahala sa lagay ng panahon;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng resolusyon o kapasiyahan na ito ay magkakaroon na nang taunang pag-oobserba ang Bayan ng Muntinlupa para sa ekolohiya;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng resolution o kapasiyahan na ito ay maiaayos at mapag-iisa ang lahat ng programang pang-ekolohiya ng Pamahalaang Bayan lalo na sa mga paaralan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagtatalaga sa buwan ng Oktubre na "Buwan ng Ekolohiya".

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 175th regular na pulong na ginanap ngayong ika-21 ng Oktubre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO B. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts